

Ika-13 Aralin



"ANG IYONG KA- UGNAYAN SA IBA"

Pag-aralan ayon sa mga tuntunin na nasa pasimula ng unang aralin.

1. Paano natin dapat pakitunguhan ang ating mga magulang?
 - ▶ Kinakailangang ibigin, igalang at sundin natin sila.
 - Mga Taga Efeso 6:1,2. Mga anak, sundin ninyo ang inyong magulang alang-alang sa Panginoon, sapagka't ito ang nararapat. Igalang mo ang iyong ama at ina. Ito ang unang utos na may lakip na pangako.

2. Paano natin dapat pakitunguhan ang mga namumuno tulad ng mga pulis, hukom, at mga gobernador?

► Kinakailangang sundin natin sila.

Mga Taga Roma 13:1. Ang bawa't tao'y pasakop sa mga pinuno ng pamahalaan. Sapagka't walang pamahalaang hindi mula sa Diyos at ang mga pamahalaang umiiral ay itinatag ng Diyos.

3. Paano natin dapat pakitunguhan ang mga nangunguna sa Iglesia tulad ng Pastor at guro sa Paaralang Panlinggo?

► Kinakailangan ibigin, igalang at sundin natin sila.

Hebreo 13:18. Pasakop kayo sa mga mga nangangasiwa sa inyo sila'y may pananagutang magbantay sa inyo, at magbibigay gay sulit sila sa Diyos ukol dito. Kung sila'y susundin ninyo, magagalak sila sa pagtupad ng kanilang tungkulin kung hindi, sila'y mahahapis, at hindi ito makabubuti sa inyo.

4. Paano natin dapat pakitunguhan ang ibang mga Cristiano?

► Kailangang ibigin natin sila kung paanong inibig tayo ni Cristo.

Juan 13:34. Kung paanong inibig ko kayo, gayon din naman, mag-ibigan kayo.

5. Paano natin dapat pakitunguhan ang ating mga kaibigan at kapit-bahay?

- ▶ Pakitunguhan natin sila kung paanong nais nating tayo ay pakitunguhan.
- Lucas 6:31. Gawin ninyo sa iba ang ibig ninyong gawin nila sa inyo.
- Mga Taga Roma 13:9. Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili.

6. Paano natin pakikitunguhan ang mga taong gumawa ng masama sa atin?

- ▶ Dapat natin silang ibigin at patawarin.
- Mateo 5:44. Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at idalangin ninyo ang mga umu-usig sa inyo.

Mateo 6:15. Nguni't kung hindi ninyo pinatatawad ang mga nagkakasala sa inyo, hindi rin kayo patatawarin ng inyong Ama.

7. Itinuturo din ba sa Biblia kung paano natin dapat pakitunguhan ang hindi pa ligtas?

- ▶ Oo. Kailangang ipakita natin sa kanila sa pamamagitan ng ating mga gawa na si Cristo ay nanahan sa atin.

Mateo 5:16. Gayon din naman, dapat ninyong paliwanagin ang inyong ilaw sa hara-

pan ng mga tao, upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at luwalhatiin ang inyong Amang nasa langit.

8. Ano ang pinakadakila sa mga katangian ng Cristiano?

- ▶ Ang pagkakaroon ng pag-ibig ang pinakadakilang katangian. Ito ang tunay na panukat sa ating pagiging espirituwal.
- I Corinto 13:13. Ang tatlong ito'y nangatili; ang pananampalataya, pag-asa at pag-ibig; nguni't ang pinakadakila sa mga ito ay pag-ibig.

9. Sinu-sino ang mga dapat ibigin ng mga Cristiano?

- ▶ Kailangan ng mga Cristianong ibigin ang Diyos, ang Panginoong Jesus, ang kanilang kapwa Cristiano, ang mga naligaw na mga lalaki at babae, at gayon din naman ang kanilang mga kaaway.

Mateo 22:38. Sumagot si Jesus, "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, nang buong kaluluwa, at nang buong pag-iisip."

- Juan 13:34. Isang bagong utos ibinigay ko sa inyo: mag-ibigan kayo!

Kung paanong inibig ko kayo, gayon din naman, mag-ibigan kayo.



Gawin Mo Ito

1. Basahin ang Mateo 5:13-16.
2. Ang iyong pakikitungo sa mga tao ay makahihikayat sa kanila na tanggapin o tanggihan ang iyong sinasabi tungkol sa Diyos. Balikan mong muli ang araling ito, sa bawa't puntos ay siyasatin ang iyong mga kilos. Nagagawa ba nilang ang mga tao ay maghangad ng gayon ding kapangyarihan ng Diyos na nakapagbago ng iyong buhay? Walang sinuman maka-kaabot sa mga panukatang ito ng walang tulong mula sa Diyos araw-araw Ipanalangin ang bawa't puntos.
3. Ipanalangin ang sinuman sa inyong mga kaibigan na nahihirapang maabot ang mga panukatang ito.
4. Kung mauulit mo ng wasto ang mga saulohin, sagutin ang mga tanong sa iyong talaan ng mag-aaral at pagsusulit para sa ika-13 aralin.